# TATAWID AKO SA PEDESTRIAN

*by:*
**Dorothy D. Pingol**
*Teacher I, Capitangan Elementary School*

"Bawal tumawid, nakamamatay… Bawal dito magsakay…Dito ang tamang babaan" ay ilan lamang sa mga signages sa lansangan. Ang mga batas-trapiko na ito ay dapat igalang upang ang mga aksidente at abala ay ating maiwasan. Ikaw ba ay saan kabilang, sa mga pasaway ba o sa masunuring mamamayan?

Marami ang nasisita sa paglabag sa kalsada. Mga motorista na walang disiplina. Ang mga paglabag ay hindi alintanan. May ilang nangangatwiran pero sa huli ay natitikitan. Kinapos ba sa kaalaman at hindi kabisado ang mga panuntunan. Beating the red light, maling pagparada, bawal magbabana kinasasangkutan ng mga motorista. Kung ang bawat isa ay nagbibigayan sa daan, walang aksidente at walang masasaktan.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Alam mo ba kaibigan kung bakit may pedestrian? Ito ay ang mga puting guhit sa daan na tulad sa zebra na sa Africa ay matatagpuan. Ito ang tamang tawiran. Bawat sasakyan ay magbibigay daan sa mga taong nasa pedestrian. Ngunit, may ilan pa ring insidente na dito ay nabalitaan. Nakalulungkot na dito pa may nasasaktan at may nasasagasaan.Saan ba lulugar ang mga tao? Upang ang kaligtasan ay masiguro.

Kung ako ang tatanungin, ang pedestrian pa rin ang aking pipiliin. Katulad nito'y pagbubukas ng paaralan kahit na may pandemyang nakakamatay. Hindi dapat manlumo, hindi dapat huminto. Mahalaga ang karunungan sapagkat ito ay isang kayamanan.  Ang DEP-ED ay gumagawa ng paraan nang walang batang maiiwan. No face-to-face man sa kasalukuyan, mayroon naman online learning at modular, bawat bata ay mabibigyan ng kaalaman. Ang mga guro at magulang ay magbabayanihan. Itatawid ang edukasyon na may kalakip na proteksiyon.

Puno man ng agam-agam, kakayanin kung magtutulungan. “Mga bata, sa bahay kayo muna mag-aaral sa ilalim ng paggabayng inyong mga magulang”. Kaming mga guro ay nandito lang, mag-aabang ng mga katanungan tungkol sa mga aralin na may kahirapan at tila hindi maunawaan. Pasasaan ba at makakarating tayo sa parooonan nang ligtas at may kapanatagan. Pandemya ka lang pero hindi ka hadlang upang makatawid ang mga kabataan ngayong panahon ng New Normal!

*References:*

https://www.deped.gov.ph/2020/07/21/president-duterte-approves-limited-face-to-face-classes-in-low-risk-areas-starting-2021/

https://news.abs-cbn.com/news/10/05/20/deped-says-to-address-challenges-in-distance-learning#:~:text=Online%20and%20modular%20learning%20are%20among%20the%20different,remain%20suspended%20due%20to%20the%20threat%20of%20COVID-19.

https://en.wikipedia.org/wiki/Pedestrian_crossing

https://philnews.ph/2019/07/31/halimbawa-ng-babala-paalala-at-kanilang-ipinagkaiba/

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan